

## ANG ANTAS NG WIKANG GAMIT SA PAGSUSULAT NG MGA KORESPONDENSYA: BASEHAN SA PAGGAWA NG PROGRAMANG PANG-PAGSASANAY

Gina N. Gamay

Email: gina.gamay@deped.gov.ph

Antonio B. Del Rosario Memorial Elementary School, Tanza, Cavite, Philippines

### ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin at suriin ang antas ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng korespondensya upang maging basehan sa pagbuo ng isang programang pang-pagsasanay. Ginamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang pag-aralan ang sitwasyon ng mga mag-aaral sa intermediate na antas mula sa mga piling pampublikong paaralan. Narito ang mga pangunahing natuklasan sa pag-aaral: Lumabas sa resulta na mas nakararami ang mga babaeng mag-aaral (56.58%) kaysa sa mga lalaki (43.42%), at karamihan sa mga kalahok ay nagmula sa Baitang IV kung saan nagsimula ang pormal na paggamit ng wika sa korespondensya. Natuklasan na ang pangkalahatang antas ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng korespondensya ay nasa “Mataas na Antas” na nakakuha ng 2.94 na weighted mean. Natukoy na ang mga pangunahing suliranin ay ang kahinaan sa pang-unawa, wastong paggamit ng bantas, at tamang pagbaybay ng mga salita, na naging hadlang sa maayos na pagsulat. Upang matugunan ito, iminungkahi ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng iba’t ibang pagsusulit at pagtuon ng pansin sa pag-aaral ng mga tamang panuntunan sa pagsulat. Bilang konklusyon, kinakailangan ang pagpapayabong ng kasanayan sa pamamagitan ng mga puspusang pagsasanay, interbensyon batay sa baitang ng mag-aaral, at paggamit ng teknolohiya tulad ng kompyuter at YouTube. Inirerekomenda ang pagpapatupad ng mga programang pang-pagsasanay upang maiangat pa ang kakayahan ng mga mag-aaral tungo sa pinakamataas na antas.

**Keywords:** *Korespondensya, Antas ng Wika, Pagsusulat, Programang Pang-Pagsasanay, Kasanayan sa Komunikasyon.*

**How to Cite:** Gamay, G. N. (2026). Ang Antas Ng Wikang Gamit Sa Pagsusulat Ng Mga Korespondensya: Basehan Sa Paggawa Ng Programang Pang-Pagsasanay . IAM FAME Journal of International Education Research, 1(1), 17-21.

### INTRODUKSYON

Isa sa pinakamahalagang bahagi ng buhay ng tao ay ang komunikasyon o pakikipagtalastasan. Sapagkat ang tao ay bahagi ng lipunang binubuo ng kapwa niyang mga tao, kailangan niyang makipag talastasan ng maisagawa siya ang naisin upang magkaunawaan at magkaisa.

Isa sa mga paraan ng pakikipagtalastasan ay ang korespondensya. Ito ay isang kasanayang itinuturo ng mga guro sa mga mag-aaral upang madelap ang isa sa mga makrong kasanayan, ang pagsusulat. Ang korespondensya ay isang kasanayan sa pakikipagtalastasan pangangalakal o opisyal sa paraang pagsulat tulad ng liham. Na kung saan ay binibigyang-diin ang paggamit ng mga katawagan at pormang ginagamit sa makabagong opisyal na pakikipagtalastasan at transaksyon. Sa kasanayang ito ay inaasahang magkaroon

ang mga mag-aaral ng kakayahan: na maka pagsulat ng malinaw, maayos at epektibong mga koresponya ng pangangalakal at komunikasyong pantanggapan; sa paggamit ng masinsinan ng mga katawagang pang teknikal at pangangalakal; sa paggamit ng maikli ngunit malinaw na mga pangungusap para sa komunikasyon o pakikipagtalastasan pangangalakal; sa pagsulat ng iba't ibang uri ng liham pangkalakal at opisyal; sa paggawa ng iba't ibang liham pangalakal at opisyal matapos na nakaharap ang iba't ibang huwaran; na magamit ng may kasanayan ang Filipino sa mga pangangailangan ng pagsulat tema ng opisyal, teknikal at pangalakal.

Ilan sa mga halimbawa ng mgakoespondensya ay ang mga liham pangangalakal may sapat na kakayahan at kasanayan sa pagsulat ng mga liham o korespondensya. Ito ang dahilan kung bakit ang pananaliksik ay naging interesado ang tukuyin ang antas o lebel ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng korespondensya ng kalaunan ay magiging basehan ng paggawa ng isang programang pang pagsasanay para sa mga mag-aaral.

### **LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Ang pag-aaral na ito ay ginawa upang suriin at tukuyin ang antas o lebel ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng korespondensya ng kalaunan ay magiging basehan ng pagbibigay impormasyon sa paggawa ng isang programang pang pagsasanay para sa mga mag-aaral.

### **PAGLALAHAD NG SULIRANIN**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masagot ang ilang tiyak na katanungan, simula sa pagkakakilanlan ng mga mag-aaral ayon sa kanilang kasarian at antas ng pag-aaral. Sinuri rin ng pananaliksik kung gaano ang antas ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng korespondensya batay sa tungkulin ng wika, gayundin ang mga kinakaharap nilang suliranin sa paggamit nito. Bukod dito, inalam din ang mga posibleng paraan upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika sa nasabing larangan. Sa huli, batay sa mga magiging resulta ng pag-aaral, naglalayon din itong tumukoy ng mga tiyak na impormasyon na maaaring ma mungkahi para sa pagbuo ng isang paksang pang-pagsasanay.

### **DISENYO AT PARAAN NG PANANALIKSIK**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik upang suriin ang antas ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng korespondensya sa intermediate na antas mula sa mga piling pampublikong paaralan. Upang makalap ang kinakailangang datos, gumamit ang mananaliksik ng:

Rubrik/Pagsusuri ng Awtput: Upang masukat ang antas ng wika batay sa pitong aspeto at dalawampu't isang indikator.

Talatanungan at Gabay Ng Panayam (Guided Interview): Isinagawa sa mga mag-aaral sa gabay ng kanilang mga guro upang matukoy ang mga tiyak na suliraning kinakaharap at mangalap ng kanilang mga mungkahi sa pagpapaunlad ng kasanayan

## LAGOM NG MGA NAPATUNAYAN

Ukol sa demograpikong propayl ng mga kalahok, lumabas na mas nakararami ang mga babae na may bilang na 202 (56.58%) kaysa sa mga lalaki na may bilang na 155 (43.42%) mula sa kabuuang 357 mag-aaral. Batay naman sa antas ng pag-aaral, pinakamarami ang nagmula sa Baitang IV na may 150 mag-aaral (42.02%), na sinundan ng Baitang VI na may 114 (31.93%), at ang Baitang V na may 93 (26.05%).

Makikita sa datos na bukod tanging nakararami ang bilang ng mga babae kumpara sa lalaki na mag-aaral. Karamihan rin sa mga mag-aaral na nakilahok sa pag-aaral na ito ay nagmula sa Baitang IV. Mula sa antas na ito nagsisimula ang mga mag-aaral na gumamit ng wika sa pagsulat nila ng kanilang mga korespondensya.

Bagamat ang pangkalahatang antas ng wikang ginagamit sa pagsulat ng korespondensya ay nasa 'Mataas na Antas' ( $M = 2.94$ ), lumabas sa masusing pagsusuri ng mga indikador na nakapokus ang kanyang kalakasan sa pangkalahatang kayarian at layunin ng liham. Sa kabilang banda, ang mga teknikal na mekaniks tulad ng wastong pagbabantas, tamang baybay, at kahusayan sa pagpapahayag ng kaisipan ang lumitaw na mga tiyak na suliranin at hadlang na nangangailangan pa ng interbensyon.

Nakakalap ang pananaliksik ng limang (5) kolektibong suliranin na napagtanto at nakita ng mga mag-aaral. Mula sa kabuuang 357, may 142 o 39.78% sa kanila ay kinilalang may kahinaan ang pang-unawa kaya hindi rin nila maisulat nang maayos ang mga salita. Ito ang pinakamarami sa naging dahilan o suliranin ng mga mag-aaral.

Nakatanggap ng pitong (7) kolektibong paraan upang mapaunlad ang kanilang kakayahan ang iminungkahi ng mga mag-aaral. Ang magkaroon ng ibat ibang pagsusulit sa korespondensya (78) at ang pagsunod sa mga tamang bagay sa pagsulat ang dapat pag-aralan ng mabuti at dapat pagtuunan ng pansin (62) ang nagtamo ng pinakamaraming bilang mula sa suhestiyon ng mga mag-aaral.

Batay sa mga nakalap na datos mula sa pagsusuri ng mga awtput at tugon sa talatanungan ng mga mag-aaral sa gabay ng kanilang mga guro, iminungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na paksa halaw sa napagtanto ng impormasyon na makakatulong sa pagbuo ng programang nagpapaunlad sa paggamit ng wika sa pagsulat ng wika at sa pagsulat ng korespondensya ng mga mag-aaral.

## KONKLUSYON

Makikita sa datos na bukod tanging nakararami ang bilang ng mga babae kumpara sa lalaki na mag-aaral. Karamihan rin sa mga mag-aaral na nakilahok sa pag-aaral na ito ay nagmula sa Baitang IV. Mula sa antas na ito nagsimula ang mga mag-aaral na gumamit ng wika sa pagsulat nila ng kanilang mga korespondensya.

Ipinahihiwatig din ang resulta ng pagsusuri sa wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa korespondensya na mataas ang antas ng kanilang paggamit. Masasalamatin dito bagaman marami ang mataas na antas na mga indikador, ilan lamang ang pinakamataas na naging resulta.

Ang wastong paggamit ng wika ay nagbibigay ng suliranin sa karamihan ng mga mag-aaral, lalo na upang maiangat o mapaunlad pa ang antas ng kanilang paggamit ng mga salita, bantas, bigkas at pagsulat ng tama ng mga titik at panimula ang mga naging hadlang upang magamit nila ng wasto ang wika sa pagsulat ng korespondensya.

Mababatid sa resulta ng pag-aaral na ang pagtuon ng pansin sa pagsasanay at pagsasaliksik ng mga paraan ng tamang paggamit ng wika. Mababatid din ang mga suhestiyon na naghihikayat sa paggamit ng teknolohiya, tulad ng computer at youtube sa pagtuturo ng pagsulat sa korespondensya.

## REKOMENDASYON

Minumungkahi ng mananaliksik na isama sa mga susunod na pagsusuri ang iba pang paaralan upang makita ang pagkakatulad o pagkakaiba sa demograpiya ng mga mag-aaral. Ang intermediate level ay mina mabuting pagtuunan ng karampatang pagtataya ukol sa mga gawain. Marahil, sapat at tama lamang na isama rin ang kasanayan at kakayahan sa pagtuturo ng wika, partikular sa paggamit sa korespondensya ng mga guro. Ang antas ng kanilang kasanayan sa korespondensya ay marahil makakatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Malaking bahagdan pa rin sa mga mag-aaral ang maaaring tumaas ang antas ng kanilang paggamit, mula sa Mataas na Antas patungo sa Pinakamataas na Antas. Iminungkahi ng mananaliksik na pag-ibayuhin ang mga pagsasanay, pagsusulit at pagsasaliksik upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika sa pagsulat ng korespondensya.

Ukol sa suliranin, minumungkahi ng mananaliksik na magkaroon ng pag-aaral tungkol sa relasyon ng mga indikator ang antas at ang mga suliranin sa kanilang napagtanto. Ang pag-aaral na ito ang sumusuporta kung anong klase ng interbensyon ang naaangkop sa bawat kategorya o baitang ng mga mag-aaral. Ang mga suliranin ay magagawa ng solusyon batay sa kanilang antas ng wikang paggamit at pagtanggap sa kinakailangang pagsasanay na nararapat dito.

Minumungkahi ng mananaliksik na pag-aralan at i-pilot test ang mga paraan na isinasaad at iminungkahi ng mga mag-aaral upang mapaunlad. Katuwang ng mga mungkahing ito ang pagtuon ng pansin sa pagsasanay sa mga indikator na nagtamo lamang ng mataas na antas upang maiangat ang pinakamataas na antas.

## MGA SANGGUNIAN

Arnilla, A. A. (2013). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Wiseman's Book Trading.

Arrogante, J. A., Torreliza, M. A., Mojica, M. L., & Ballena, A. H. (2007). *Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. National Bookstore.

Beranque, R. (2014). *Pagsulat ng mga korespondensya* [Presentation]. Prezi. <https://prezi.com/vrcyx-jznoxy/pagsulat-ng-mga-korespondensya/>

Deguiñon, E. F. (2013). *Teknikal na Filipino*. Teknikal na Filipino. <http://teknikalnafilipino.blogspot.com/2011/06/teknikal-na-filipino.html>

Elloso, R. O. (2000). Development of a genre-based syllabus for business correspondence for computer students of STI College [Master's thesis abstract, De La Salle University]. Encore. [http://encore.dlsu.edu.ph/iii/encore/record/C\\_Rb1209457\\_correspondence\\_P0%2C10\\_Orightresult\\_X5?lang=eng&suite=pearl](http://encore.dlsu.edu.ph/iii/encore/record/C_Rb1209457_correspondence_P0%2C10_Orightresult_X5?lang=eng&suite=pearl)

- Gonzalvo, R., Jr. (2012). Ang masining na pagsulat. <http://mheongster.blog.com/2012/07/13/ang-masining-na-pagsulat/>
- Gould, S. (2011). How to write a formal letter. Birmingham City University. <http://library.bcu.ac.uk/learner/writingguides/1.06.htm>
- Hale, A. (2014). Letter writing 101. Daily Writing Tips. <http://www.dailywritingtips.com/letter-writing-101/>
- Heaps, S. (2015). 10 tips for using the appropriate tone in business writing. WriteExpress. <http://www.writeexpress.com/tone.html>
- Homeschool Manila. (2015). Paraan sa pagsulat ng liham. <http://www.homeschoolmanila.com/2015/08/paraan-sa-pagsulat-ng-liham.html>
- Ichiano, E. R. (2004). Mga kamalian sa mga sulating pormal sa Filipino ng ikalawang taon pang sekundarya: Batayan sa pagpapaunlad ng pakikipagtalastasan [Master's thesis abstract]. Google Scholar. <https://www.google.com.ph/search?noj=1&biw=1366&bih=600&q=thesis+kasanayan+sa+pagsulat>
- Joki, K. (2015). 6 ways to write better letters. Grammarly Blog. <http://www.grammarly.com/blog/2015/6-ways-to-write-better-letters/>
- Miller, D. K. (2004). Top 10 tips for writing better business letters. Penmachine. <http://www.penmachine.com/topten.html>
- MyChild Magazine. (2015). An introduction to letter writing. Reading Rockets. <http://www.readingrockets.org/article/introduction-letter-writing>
- Nature Education. (2014). English communication for scientists: Writing correspondence. Nature Scitable. <http://www.nature.com/scitable/ebooks/english-communication-for-scientists-14053993/writing-correspondence-14239296>
- Nichol, M. (2014). 10 tips for constructive correspondence. Daily Writing Tips. <http://www.dailywritingtips.com/10-tips-for-constructive-correspondence/>
- Sicat, T. C. R. (2007). The effect of journal writing on the writing skills of grade one pupils in a private and public school in Dumaguete City [Master's thesis abstract, De La Salle University]. Encore. [http://encore.dlsu.edu.ph/iii/encore/record/C\\_Rb1281135\\_Swriting+skills\\_Orightresult\\_X5?lang=eng&suite=pearl](http://encore.dlsu.edu.ph/iii/encore/record/C_Rb1281135_Swriting+skills_Orightresult_X5?lang=eng&suite=pearl)
- Tabec, S. P. (2013). Kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral na kumukuha ng kursong Edukasyon [Thesis abstract]. Saint Louis University Repository. <http://udr.slu.edu.ph:8080/jspui/handle/123456789/157>
- Yramenna. (2012). Proseso ng pagsulat. <https://yramenna77.wordpress.com/2012/11/18/proseso-ng-pagsulat>